**Basahin at unawaing mabuti ang maikling kuwento sa ibaba at sagutin ang mga tanong batay sa binasang kuwento.**

## Ang Kuwintas

Si Dara ay nag-iisang anak lamang. Mahal na mahal siya ng kaniyang mga magulang at palaging binibigyan ng mga bagay na gusto niya.

Sa paaralan, palagi niyang ibinibida ang kaniyang mga bagong gamit at laruan na binili ng kaniyang mga magulang. Ngunit isang araw, nakita niya ang kaklase niyang si Hana ay may suot na bagong kuwintas. Napakaganda nito at kumikinang-kinang pa. Namangha ang kaniyang mga kaklase sa ganda nito.

Lumapit si Dara kay Hana at hiniling niya na hiramin ang kuwintas nito. Ngunit, tumanggi si Hana. Nagalit si Dara at inagaw niya ang kuwintas mula kay Hana. Nagulat si Hana sa ginawa ni Dara kaya siya ay napasigaw. Nagkagulo na sa loob ng kanilang silid-aralan.

Dahil sa pangyayari ay kinausap ng guro si Dara at Hana. Ipinaliwanag ng guro na hindi masamang magbahagi ng mga bagay na mayroon sila ngunit hindi tama na puwersahin ang isang tao na ibahagi ang kanilang gamit. Ibinalik ni Dara ang kuwintas kay Hana at sila ay nagkaayos na.

______ 1. Ano ang pamagat ng binasa mong kuwento?

a. Si Hana at Dara
b. Ang Kuwintas
c. Ang Buhay ni Hana

______ 2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?

a. Dara, Hana, at guro
b. Hana, Dara, nanay, at tatay
c. kaklase, Dara, at Migo

______ 3. Saan nangyari ang kuwento?

a. bahay
b. palikuran
c. silid-aralan

LIVEWORKSHEETS

_______ 4. Ano ang naging dahilan ng kaguluhan sa loob ng silid-aralan?

a. itinago ni Dara ang kuwintas

b. inagaw ni Dara ang kuwintas

c. binili ni Dara ang kuwintas

_______ 5. Paano nagkabati si Dara at Hana?

a. pinagalitan ng guro si Dara at Hana

b. sabay na kumain si Dara at Hana

c. kinausap ng guro si Dara at Hana

LIVEWORKSHEETS